# ADRIAN MEDINA PREGONIR

Si Adrian Medina Pregonir ay isang aktibista at manunulat sa Hiligaynon at Kinaray-a mula sa Southern Mindanao. Nagwagi ang kaniyang mga akda sa Gawad Rene O. Villanueva, Don Carlos Palanca Memorial Awards, Gawad Bienvenido Lumbera, Padya Dungug Kinaray-a, at Bantugan sa Panulatan Kinaray-a para sa tula at sanaysay. Nailimbag ang kaniyang mga akda sa iba't ibang antolohiya tulad ng *Liwayway*, T*umandok Hiligaynon, TLDTD: Biannual Journal of Filipino Poets, Dx Machina ng UP Likhaan*, *Ani, 17 Halin sa Iraya, Likhaan Journal 17,* at iba pa. Siya ay naging Fellow para sa tula sa Davao Writers Workshop, Palihang Rogelio Sicat, San Agustin Writers Workshop, at Amelia Lapena-Bonifacio Writers Workshop.

# DEUS EX MACHINA

may diyos nga nagtuga-hatag sa imo sing gahum nga makabasa sang palaabuton sang mga madason pa nga mga inaway; may diyos man nga nagpatikwi sang tadlong mo nga dila hangtod mangin apa ka kag mangin ulipon ka sang mga tinaga sang napiod nga katinong—indi mo man ina mabasol bangod dira gintagna sang diyos. mahinatagon naman sila, diri ko gani nasaulo nga talikdan ang nagakapuno nga kupa sang kaakig, sang kahadluk, sang katalaw. diri ko natun-an nga untaton ang pagpamati sa teolohiya bangod ini nga diyos manipulado sang akon mga tudlo. sarang ko ini nga tulukon sang madugay kag lusubon ang balay niya sini nga wala sing pader ukon ano man nga hulot. ini ang kalibutan sang akon mga diyos: makapangita sang bag-o nga mga abyan bisan pa panibag-o ini sa akon panan-awan. may museo man diri kon sa diin nakasulat ang mga inaway-inabyanay, ang mga maragtas nga ginbag-o sang binutig, bisan ang mga babayi kag lalaki nga ginhalad ang kaulaynon. ini ang akon diyos: nagabayhon sang lain-lain nga bayhun agod balion ang buluhaton ko bilang tawo. ini ang akon diyos: sa sulod sang makina nga wala sing unod. wala sing milagro apang para sa akon ini may milagro.

# DEUS EX MACHINA

may diyos na lumalang sa iyo ng kapangyarihang basahin ang kapalaran ng mga susunod pang digmaan; may diyos ding bumaluktot ng deretsado mong dila hanggang sa maging pipi at alalay ka ng mga salita sa nakakuyom na katahimikan— hindi ka rin naman makapagsisisi sapagkat diyan ka ipinagkatiwala ng diyos. mapagbigay naman sila. dito ko nga nasaulong talikuran ang napupunong kopa ng poot, ng takot, ng gamba. dito ko natutuhang pigilang makinig sa araling teolohiya dahil itong diyos ay manipulado ng aking mga palad. kaya ko itong titigan nang magdamag at lusubin ang tahanan niyang walang dingding o kahit anumang silid. ito ang mundo ng aking mga diyos: makatatagpo ka ng katukayo kahit ito'y panibago sa tingin ko. may museo rin dito kung saan nakatala ang mga away-bati, ang mga kasaysayang binilog ng kasinungalingan, maging ang mga babae't lalaking iniaalay ang kanilang birhinidad. ito ang aking diyos: umaanyo ng iba't ibang anyo at kayang baliin ang tungkulin ko bilang tao. ito ang aking diyos, sa loob ng makina na walang loob, walang milagro ngunit sa aking palagay sila ay totoo.